DE LA SALLE UNIVERSITY
TAÑADA-DIOKNO COLLEGE OF LAW
DLSU LAW CLINIC

# Primer on Plea Bargaining in Drug Cases



## TALAAN NG NILALAMAN

PANIMULA ........................................................................ 3

PLEA BARGAINING ........................................................................ 3

MGA PAGBABAGO SA PLEA BARGAINING SA ILALIM NG RULES OF COURT ........................................................................ 5

PLEA BARGAINING SA MGA KASO NG DROGA ........................................................................ 7

BUOD NG MGA GABAY SA PLEA BARGAINING SA MGA KASO SA DROGA ........................................................................ 25

---

**Ang *primer* na ito ay naging posible sa pamamagitan ng pinagsamang pagsisikap ng mga sumusunod na Law Student Practitioners (LSPs):**

AWISAN, Francis, Jr.
BLEZA, Alfonso Pio
DINO, Angelica Cecilia
HERNANDO, Hannah Francesca
SISON, Gino Alejandro
YOUNG, Jasper Brent

---

## PANIMULA

Ang *Primer* na ito ay proyekto ng *DLSU Law Clinic (DLC)* sa ilalmin ng *Clinical Legal Education Program (CLEP)* ng *De La Salle University – Tañada-Diokno College of Law*. Naglalayon ito na mabigyan ang lahat ng Pilipino ng impormasyon at gabay tungkol sa *Plea Bargaining* sa mga kaso ng droga, na may pagbibigay-diin sa paglilinaw sa mga legal na proseso at pagresolba sa mga magkakasalungat na alintuntunin tungkol rito. Ang *Primer* na ito ay mababasa sa *English* at Filipino.

## PLEA BARGAINING

1. ***Q: Ano ang Plea Bargaining batay sa mga desisyon ng Korte Suprema?***

**A:** Ayon sa Korte Suprema, ang *Plea Bargaining* sa mga kasong kriminal ay "isang proseso kung saan ang akusado at ang prosekusyon ay gumagawa ng paraan upang magkasundo sa isang disposisyon ng kaso na ipinapasa sa korte upang ito ay mapa-aprubahan. Karaniwang kasama dito ang pag tanggap ng akusado na nagkasala siya sa isang mas mababang kaso o sa isa or ilang bilang lamang ng isang *multi-count indictment* bilang kapalit ng mas magaan na parusa kaysa sa mas mabigat na pagkakasala."[1]

Bukod dito, sa kaso na *Santobello v. New York*, tinalakay ng korte na pagkatapos magusap ang akusado at ang prosukusyon ukol sa *plea*, ang disposisyon ng kaso ay isang mahalagang bahagi ng buong proseso. Ang desisyon na ito ay pinapayagan ang akusado na lumaya sa mas maagang petsa kumpara sa mga hindi pinalaya habang nakabinbin ang paglilitis. Pinoprotektahan din nito ang publiko mula sa mga akusadong *habitual delinquents* na nagnanais gumawa ng krimen habang sila'y pansamantalang nakalaya dahil sa *pretrial release*.[2]

Mula sa nabanggit at kaugnay ng *Section 2, Rule 116 ng Rules of Criminal Procedure*, dalawa ang kinakailangan sa *Plea Bargaining*:

---

[1] Daan v. Sandiganbayan, G.R. Nos. 163972-77, March 28, 2008.
[2] Santobello v. New York, 404 U.S. 257, December 20, 1971.

a) Ito ay dapat na may pahintulot ng biktima at ng prosekyutor; at;
b) Ang pagtanggap ng pagkakasala ay dapat sa isang mas mababang pagkakasala na kasama sa kaso ng akusado.[3]

## 2. *Q: May karapatan ba mag Plea Bargain sa ilalim ng Saligang Batas?*

**A:** Sa *Estipona v. Lobrigo (2017)*,[4] idineklara ng Korte Suprema na, "ang isang akusado ay walang karapatan sa Saligang Batas na mag-*Plea Bargain*. Kung ang prosekyutor ay gustong magpatuloy sa kanyang kaso laban sa akusado kahit na gustong mag-*Plea Bargain* ang akusado, walang pangunahing karapatan ang nilalabag sa ganitong pagkakataon. Sa ilalim ng batas, hindi agarang tatanggapin ang alok sa pag-amin ng pagkakasala. Nakadepende ito sa pahintulot ng biktima at ng prosekyutor, na nagsisilbing kondisyon sa isang wastong *plea of guilty* sa isang mas mababang *offense* na kinakailangang kasama sa inaakusang *offense*. Ito ay dahil ang prosekyutor ay may kontrol sa *prosecution* ng mga *criminal actions*; tungkulin nito na mag *prosecute* ng tamang *offense,* at hindi anumang mas maliit o mas malalang *offense*, at dapat nkabatay sa kung ano ang maaaring suportahan ng ebidensya."

## 3. *Q: Kailan ginagawa ang Plea Bargaining?*

**A:** Batay sa *Rule 116, Section 2* ng *Rules of Court*,[5] ang akusado ay maaaring payagan ng korte na umamin ng *guilty* sa isang mas mababang pagkakasala o *offense* na kinakailangang kasama sa inaakusang *offense*, sa *arraignment*.

Ang akusado ay maaari pa ring pahintulutan na umamin ng *guilty* sa nasabing mas mababang pagkakasala pagkatapos na bawiin ang kanyang *plea of not guilty* pagkatapos ng *arraignment* ngunit bago ang paglilitis.[6]

Bukod doon, ang *Rule 118, Section 1* ng *Rules of Court* [7] ay nagsasaad rin na ang *Plea Bargaining* ay binibigyang pagsasaalang-alang sa *pre-trial conference.* Maglalabas ng utos ang korte pagkatapos ng *arraignment* at sa

---

[3] Daan v. Sandiganbayan, G.R. Nos. 163972-77, March 28, 2008..
[4] Estipona v. Lobrigo, G.R. No. 226679, August 15, 2017.
[5] ROC, Rule 116, Sec. 2.
[6] ROC, Rule 116, Sec. 2.
[7] ROC, Rule 118, Sec. 1.

loob ng tatlumpung (30) araw mula sa petsa na nakuha ng korte ang *jurisdiction* sa akusado, maliban kung may mas maikling panahong ibinigay ng mga espesyal na batas o mga sirkular ng Korte Suprema.

### 4. *Q: Sino-sino ang mga partido sa Plea Bargaining?*

**A:** Ang mga partido sa *Plea Bargaining* na inilahad sa *Rule 116, Section 2* ng *Rules of Court* [8] ay ang mga sumusunod:

a) Ang akusado;
b) Ang biktima; at
c) Ang prosekyutor.

Kung ang kaso ay walang biktima, ang opisyal na umaresto sa akusado ay dapat naroroon sa panahon ng *Plea Bargaining* upang magbigay ng pahintulot batay sa *Directorate for Investigation and Detective Management (DIDM) Investigative Directive 2018-20*. Kabilang sa mga krimeng walang biktima ang mga krimen na walang pribadong nasaktang partido, tulad ng sa mga kaso sa droga.[9]

Dapat ding ituring ang hukuman na isang partido sa isang *Plea Bargaining agreement* dahil sila ang may kapangyarihang tanggapin o tanggihan ang alok sa *Plea Bargaining* na napagkasunduan ng mga partidong kasangkot.

## MGA PAGBABAGO SA PLEA BARGAINING SA ILALIM NG *RULES OF COURT*[10]

| | |
|---|---|
| **1940-1964** | Ang *Plea Bargaining* ay isang tuntunin ng pamamaraan na ginagamit sa hurisdiksyon ng Pilipinas mula noong Hulyo 1, 1940, sa ilalim ng *Section 4, Rule 114* ng 1940 *Rules of Court:* |

[8] ROC, Rule 116, Sec. 2.
[9] Legal Services, Philippine National Police, Updates on Plea Bargaining in Drug Cases, May 20, 2022, http://ls.pnp.gov.ph/updates-on-plea-bargaining-in-drug-cases/
[10] Estipona v. Lobrigo, G.R. No. 226679, August 15, 2017.

| | |
|---|---|
| | *SEC. 4. Plea of guilty of lesser offense. — The defendant, with the consent of the court included in the offense charged in the complaint or information.*<br><br>Ang probisyon na ito ukol sa *Plea Bargaining* ay makikita rin sa *Rule 118* ng *1964 Rules of Court*, na nagkabisa noong Enero 1, 1964. |
| **1985** | Ang probisyon na ito ay binago sa *Section 2 Rule 116* ng *1985 Rules of Court*. Higit pa rito, ang terminong *"Plea Bargaining"* ay unang binanggit at ginawang parte ng *pre-trial* sa ilalim ng *Section 2, Rule 118*.<br><br>Ayon sa *Section 2* ng *Rule 116*:<br><br>*SEC. 2. Plea of guilty to a lesser offense. — The accused with the consent of the offended party and the fiscal, may be allowed by the trial court to plead guilty to a lesser offense, regardless of whether or not it is necessarily included in the crime charged, or is cognizable by a court of lesser jurisdiction than the trial court. No amendment of the complaint or information is necessary.*<br><br>Sa *Section 2*, ng *Rule 118* naman, nakasaad na:<br><br>*SEC. 2. Pre-trial conference; subjects. — The pre-trial conference shall consider the following:*<br><br>*(a) Plea Bargaining;*<br>*(b) Stipulation of facts;*<br>*(c) Marking for identification of evidence of the parties;*<br>*(d) Waiver of objections to admissibility of evidence; and*<br>*(e) Such other matters as will promote a fair and expeditious trial.* |

| | |
|---|---|
| **1987** | Idinagdag ang probisyon ukol sa *double jeopardy* sa *Section 2 Rule 116* ng 1987 *Rules of Court*: *"[a] conviction under this plea shall be equivalent to a conviction of the offense charged for purposes of double jeopardy."* |
| **2000** | Isinaad sa *2000 Rules of Court* na ang mga patakaran sa Plea Bargaining ay nasasakop ng *Section 1, Rule 116 (Arraignment and Plea)* at *Section 1, Rule 118 (Pre-trial)* |
| **2019** | Ang pag-amyenda sa *Section 28 Rule 130 ng Rules on Evidence* ay nagbigay sa akusado ng paraan upang makipag-negosasyon sa prosekusyon sa mga termino ng kanyang parusa. Ito ay para walang takot na makipagnegosasyon ang akusado na kung ang negosasyon ay hindi matagumpay, ito ay gagamitin laban sa kanya sa panahon ng paglilitis.<br><br>*Sec. 28. Offer of compromise not admissible. - xxx A plea of guilty later withdrawn or an unaccepted offer of a plea of guilty to a lesser offense is not admissible in evidence against the accused who made the plea or offer. Neither is any statement made in the course of Plea Bargaining with the prosecution, which does not result in a plea of guilty or which results in a plea of guilty later withdrawn, admissible.* |

## *PLEA BARGAINING* SA MGA KASO NG DROGA

### 5. *Q: Konstitusyunalidad ng Plea Bargaining sa Mga Kaso ng Droga*

**A:** Sa kaso ng *Estipona v. Lobrigo*, hinamon ni Salvador Estipona ang konstitusyonalidad ng *Section 23* ng *Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002* (R.A. No. 9165) na nagbabawal sa *Plea Bargaining* sa mga kaso ng droga.

Ipinahayag ng Korte Suprema na ang *Plea Bargaining* ay isang patakaran ng pamamaraan (o isang *rule of procedure*). Ang mga patakaran sa *Plea Bargaining* ay ginawa para magkaroon ng simple at murang pamamaraan

para sa mabilis na disposisyon ng mga kaso sa lahat ng korte. Dahil ito ay paraan ng paglutas ng mga kaso sa pamamagitan ng kasunduan, ang *Plea Bargaining* ay itinuturing ng Korte Suprema na isang "mahalaga," "esensyal," "lubos na kanais-nais," at "lehitimong" bahagi ng pangangasiwa ng hustisya.[11]

Sa ilalim ng *Section 5(5) Art. VIII ng 1987 Constitution*, ang kapangyarihang magpahayag ng mga patakaran na ukol sa *pleading, practice, at procedure* ay eksklusibong kapangyarihan ng Korte Suprema. At dahil dito, ang *Section 23* ng R.A. No. 9165 ay lumabag sa kapangyarihang ito ng Korte Suprema, kaya idineklara itong labag sa Saligang Batas.[12]

Alinsunod sa desisyon ng Korte Supreme, and *Department of Justice (DOJ)* ay nag labas ng Circular No. 27-18 (*Guidelines on Plea Bargaining Agreement for R.A. No. 9165*) na nagsasabing ang Plea Bargaining ay pinapayagan na sa mga kaso ng droga.

**6. *Q: Pinawalang Bisa or binago ba ng DOJ Circular No. 27-18(Amended Guidelines on Plea Bargaining for Republic Act No. 9165 Otherwise Known as the Dangerous Drugs Act, June 26, 2018) ang Plea Bargaining Framework na nakasaad sa A.M. No. 18-03-16-SC (Adoption of the Plea Bargaining Framework in Drugs Case, April 10, 2018)?***

**A:** Hindi. Niresolba ng Korte Suprema ang pagkakaiba sa pagitan ng *Department of Justice (DOJ) Circular No. 27-18*, na nagbabawal ng Plea Bargaining sa mga kaso ng pagbenta ng iligal na droga sa mas mababang krimen ng iligal na pagmamay-ari ng mga drug paraphernalia sa ilalim ng R.A. No. 9165, o ang *Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002*, at ang Resolusyon ng Korte Suprema noong *A.M. No. 18-03-16-SC* na pinagtibay ang *Plea Bargaining Framework in Drugs Cases.*

Ayon sa Korte Suprema, hindi pinawalang-bisa o binago ng *DOJ Circular No. 27-18*[13] ang *Plea Bargaining Framework o A.M. No. 18-03-16-SC*.[14] Ang una

[11] Estipona v. Lobrigo, G.R. No. 226679, August 15, 2017.
[12] Estipona v. Lobrigo, G.R. No. 226679, August 15, 2017.
[13] DOJ Circular No. 27-18, Amended Guidelines on Plea Bargaining for Republic Act No. 9165, https://www.doj.gov.ph/files/2018/DC/DC027-2018JUN%20Amended%20Guidelines%20for%20Plea%20Bargaining%20dtd%2026%20Jun%202018(1).pdf
[14] A.M. No. 18-03-16-SC, Adoption of the Plea Bargaining Framework in Drugs Cases, https://oca.judiciary.gov.ph/wp-content/uploads/2018/05/OCA-Circular-No.-90-2018.pdf

ay nagsisilbi lamang bilang isang patnubay na dapat sundin ng mga prosecutor bago sila magbigay ng kanilang pahintulot sa mga iminumungkahing *Plea Bargains*.[15] Dahil ang *Plea Bargaining* ay isang kasunduan sa pagitan ng mga partido, ang *DOJ Circular No. 27* ay nagsisilbi rin bilang *counter-proposal* ng *prosecutor* sa alok ng *plea of guilty* sa mas mababang pagkakasala ng mga akusado.[16]

### 7. *Q: Paano sinisimulan ang paghain ng Plea Bargain sa mga kaso sa droga?*

**A:** Ang *Plea Bargaining* ay sinisimulan sa pamamagitan ng paghain ng akusado ng isang pormal na mosyon sa korte.[17]

### 8. *Q: Pwede ba na umamin ang akusado sa mas mababang offense sa Plea Bargaining?*

**A:** Naka-depende ito sa uri ng *offense* na naka paratang sa akusado. Makikita ito sa mga naka-lista sa *OCA Circular No. 90-2018*, o ang *Plea Bargaining Framework in Drugs Cases.*

Bilang halimbawa, nakalagay sa *Circular* na maaring mag-*plea bargain* ang isang akusado ng krimen na Pagdadala ng Ipinagbabawal na Droga para sa mas mababang *offense* na Pagdadala ng *Equipment, Instrument, Apparatus*, at iba pang *Paraphernalia* para sa ipinagbabawal na droga.

### 9. *Q: Kailan maituturing na ang isang lesser offense ay kasama sa isa pang offense?*

**A:** Ayon sa *Rules of Court* [18], ang mas mababang *offense* ay maituturing na kasama sa *offense* na naka paratang sa akusado kapag ang mga elemento o *essential ingredients* nito ay makikita sa impormasyon para sa unang *offense*.

---

[15] Nurullaje Sayre vs. Judge Xenos, G.R. Nos. 24413 & 244415-16, February 18, 2020.
[16] Legal Services, Philippine National Police, Updates on Plea Bargaining in Drug Cases, May 20, 2022, http://ls.pnp.gov.ph/updates-on-plea-bargaining-in-drug-cases/
[17] Supreme Court of the Philippines, SC Provides Clarificatory Guidelines on Plea-Bargaining in Drugs Cases, July 28, 2022, https://sc.judiciary.gov.ph/28879/
[18] ROC, Rule 116, Sec. 5.

Ang pag amin sa mas mababang *offense* ay isang mahalagang parte ng *Plea Bargaining*. Kailangan itong gawin ng akusado para makapag-hain ng *Plea Bargain.* Ang *Plea Bargaining agreement* ay paraan para maka-amin ang akusado sa mas mababang kasalanan o *offense*.

Ang isang halimbawa ng mas mababang *offense* na kasama sa isa pang *offense* ay *homicide.* Ang *homicide* ay kasama sa *offense* na *murder.*[19] Ang mga elemento ng *homicide* ay: 1) may taong pinatay; 2) pinatay siya ng akusado ng walang kasamang *justifying circumstance;* 3) may intensyong pumatay ang akusado; at 4) ang pagpatay ay hindi sinamahan ng *qualifying circumstances* na *Murder, Parricide* o *Infanticide.*

Ang mga elemento na ito ay makikitang parte ng mga elemento ng *murder,* kung saan: 1) may taong pinatay; 2) ang akusado ang pumatay sakanya; 3) ang pagpatay ay may kasamang *qualifying circumstances* na makikita sa *Art. 248 ng Revised Penal Code*; at 4) ang pagpatay ay hindi *Parricide* o *Infanticide.*

### 10. *Q: Ano ang mga maituturing na mas mababang offense sa mga kaso sa droga?*

**A:** Ang mga mas mababang *offense* at ang mga pangkalahatang *drug charges* ay ang mga sumusunod:

a) Pagdadala ng ipinagbabawal na droga
b) Paggamit ng ipinagbabawal na droga
c) Pagbebenta, pangangalakal, atbp. ng ipinagbabawal na droga
d) Pagdadala ng *Equipment, Instrument, Apparatus,* at iba pang *Paraphernalia* para sa ipinagbabawal na droga
e) Pagdadala ng *Equipment, Apparatus*, at iba pang *Paraphernalia* para sa ipinagbabawal na droga sa mga *party*, at mga pagtitipon at pagpupulong.

[19] People v. Cortez, G.R. No. 131924, December 26, 2000

**11. *Q: Ano ang mangyayari matapos isumite ang isang proposal para sa Plea Bargaining?***

**A:** Matapos itong isumite, kailangang i-utos ng hukom ang isang *Drug Dependency Assessment*, kung saan ang akusado ay:

a) Aamin na gumagamit ng droga;
b) Hindi aamin na gumagamit ng droga, ngunit makikitang positibo sa isang *drug dependency test*; o
c) Makikitang negatibo para sa pag-gamit o pagiging *dependent* sa droga.[20]

**12. *Q: Ano ang mga prosesong kailangang pagdaanan ng akusado kapag umamin o nakita syang positibo sa pag-gamit ng droga?***

**A:** Kailangang dumaan ang akusado sa paggamot o rehabilitasyon ng di bababa sa anim (6) na buwan. Ang panahon ng paggamot o rehabilitasyon na ito ay ibabawas sa parusa ng akusado. Kung hindi pa nasisimulan ang parusa ng akusado, ang panahon ng paggamot o rehabilitasyon ay ibabawas sa *after-care* at *follow-up program* ng akusado.[21]

**13. *Q: Ano ang mga prosesong kailangang pagdaanan ng akusado kapag nakita siyang negatibo sa pag-gamit ng droga?***

**A:** Ang akusado ay papakawalan sa oras ng pag-serbisyo nya ng kanyang sentensya. Kung hindi, kailangang i-serbisyo ng akusado ang kanyang sentensya, ibabawas ang *counseling period* na pinagdaanan nya sa *rehabilitation center*.[22]

**14. *Q: Pwede bang i-demanda ng akusado ang pagtanggap ng kanyang pag-amin sa mas mababang kasalanan?***

**A:** Hindi. Kailangang magkasundo ang lahat ng mga kasali sa *Plea Bargaining* bago ito tanggapin. Maliban dito, kailangan din, una sa lahat, ng pag-apruba

[20] A.M. No. 18-03-16-SC, Adoption of the Plea Bargaining Framework in Drugs Cases, https://oca.judiciary.gov.ph/wp-content/uploads/2018/05/OCA-Circular-No.-90-2018.pdf
[21] Supreme Court of the Philippines, SC Provides Clarificatory Guidelines on Plea-Bargaining in Drugs Cases, July 28, 2022, https://sc.judiciary.gov.ph/28879/
[22] Supreme Court of the Philippines, SC Provides Clarificatory Guidelines on Plea-Bargaining in Drugs Cases, July 28, 2022, https://sc.judiciary.gov.ph/28879/

ng korte bago tanggapin ang *Plea Bargaining*. Kahit magkasundo pa ang mga kasali sa *Plea Bargaining*, kung hindi makukuha ang pag-apruba ng korte, hindi din matatanggap ang *Plea Bargaining*.[23]

**15. *Q: Pwede bang hindi tanggapin ng hukom ang pag-amin ng akusado sa mas mababang kasalanan kahit na nagkasundo na ang depensa at prosekyusyon?***

**A:** Pwede. Kahit na magkasundo na pumasok sa *Plea Bargaining* ang prosekyusyon at depensa, hindi ibig sabihin nito na agad-agad nang tatanggapin ng korte ang *Plea Bargaining proposal*. Kailangang pagpasyahan ng hukom ang pagtanggap o pagtanggi nito, habang sinasama sa konsiderasyon ang mga nakapaligid na sirkumstansya at ang karakter ng akusado.[24]

**16. *Q: Kailan hindi tatanggapin ng korte ang Plea Bargaining?***

**A:** Hindi tatanggapin ng korte ang *Plea Bargaining* kung may tamang objeksyon dito na naka-base sa ebidensya, kung saan maipapakita na:

a) Ang akusado ay isang *recidivist, habitual offender*, kilala sa komunidad bilang *drug addict* o taga-gawa ng gulo, o kaya ay sumailalim na sa rehabilitasyon ngunit bumalik muli sa paggamit ng droga, o nahatulan ng pagkakasala ng ilang beses;
b) Malakas ang ebidensya ng pagkakasala.[25]

Ang korte ang may karapatang magpasya kung malakas nga ba o hindi ang ebidensya ng pagkakasala ng akusado, at eto ay gagawin lamang pagkatapos ng pag-sumite ng ebidensya sa pagdinig ng hukuman.[26]

Para malaman kung malakas ang ebidensya ng pagkakasala ng akusado, itinanghal ng Korte Suprema sa *People v. Tanes y Belmonte* na, pagkatapos isumite ang ebidensya ng pagkakasala ng akusado sa Korte, may karapatan

---

[23] Supreme Court of the Philippines, SC Provides Clarificatory Guidelines on Plea-Bargaining in Drugs Cases, July 28, 2022, https://sc.judiciary.gov.ph/28879/
[24] Supreme Court of the Philippines, SC Provides Clarificatory Guidelines on Plea-Bargaining in Drugs Cases, July 28, 2022, https://sc.judiciary.gov.ph/28879/
[25] Supreme Court of the Philippines, SC Provides Clarificatory Guidelines on Plea-Bargaining in Drugs Cases, July 28, 2022, https://sc.judiciary.gov.ph/28879/
[26] Teehankee v. Director of Prisons, 76 Phil. 756, July 18, 1946

ang akusado na mag *cross-examine* at magpakita ng ebidensya sa kanyang pabor. Hindi sapat na *affidavit* lamang ang iprepresenta at babasahin lamang ang kanilang mga laman. Ito ay *hearsay evidence* at hindi ito tatanggapin maliban kung hindi tumutol ang akusado rito.[27]

### 17. *Q: Sino ang mga itinuturing na recidivist at habitual offenders?*

**A:** Ang *recidivists* at *habitual offenders* ay ang mga sumusunod:

a) ***Recidivist*** - Ayon sa *Revised Penal Code*[28], ang *recidivist* ay isang tao na, sa panahon ng paglilitis para sa isang krimen, ay nahatulan ng huling paghatol sa isa pang krimen na nasa ilalim ng parehong pamagat sa *Revised Penal Code*. Kailangan ang mga sumusunod upang maituring na *recidivist* ang isang tao:

1. Ang nagkasala ay nasa paglilitis para sa isang krimen;
2. Ang nagkasala ay nahatulan ng huling paghatol para sa iba pang krimen;
3. Ang una at pangalawang krimen ay nasa ilalim ng iisang pamagat sa *Revised Penal Code*; at
4. Ang nagkasala ay nahatulan sa pangalawang krimen.

b) ***Habitual Offender*** - Ayon sa *Revised Penal Code*,[29] ang isang *habitual offender* ay isang tao na, sa loob ng sampung taon mula sa petsa ng kanyang paglaya o huling pagkahatol sa krimen na *serious or less serious physical injuries*, pagnanakaw *(robbery at theft)*, *estafa* o *falsification*, ay natagpuang nagkasala sa alinman sa mga nasabing krimen ng pangatlong beses o higit pa. Ang mga sumusunod ay kinakailangan upang ang isang tao ay maituturing na isang *habitual offender:*

1. Ang nagkasala ay hinatulan sa alinman sa mga sumusunod na krimen:
    *a) Serious physical injuries;*
    *b) Less serious physical injuries;*

---

[27] People v. Tanes y Belmonte, G.R. No. 240596, April 3, 2019.
[28] R.A. No. 3815, The Revised Penal Code of the Philippines, Article 14(9).
[29] R.A. No. 3815, The Revised Penal Code of the Philippines, Article 62.

*c) Robbery;*
*d) Theft;*
*e) Estafa; or*
*f) Falsification.*

2. Na sa loob ng sampung taon mula nang siya ay mahatulan o sa pagtatapos ng kanyang sentensya para sa naunang krimen, ay muli syang natagpuang nagkasala sa alin man sa mga nasabing krimen; at

3. Na sa loob ng sampung taon mula nang siya ay mahatulan o sa pagtatapos ng kanyang sentensya para sa pangalawang krimen, ay muli siyang natagpuang nagkasala sa alin man sa mga nasabing krimen.

**18. *Q: Bakit hindi pinapayagan ang iminungkahing Plea Bargain kung ito ay hindi umaayon sa A.M. No. 18-03-16-SC (Adoption of the Plea Bargaining Framework in Drugs Cases, April 10, 2018)?***

**A:** Ayon sa Saligang Batas, ang Korte Suprema ay may kapangyarihang:

x x x

(5) Maglagda ng mga alituntunin tungkol sa pangangalaga at pagpapatupad ng mga karapatang konstitusyonal, pleading, praktis, at pamamaraan sa lahat ng mga hukuman, pagtanggap sa praktis bilang abogado, integrated bar, at tulong na pambatas sa mga kapuspalad. Ang gayong mga alituntunin ay dapat magtakda ng payak at di magastos na pamamaraan para sa mabilis na pagpapasya sa mga usapin, maging magkakatulad sa lahat ng hukuman na magkakaantas, at hindi magbabawas, magdaragdag, o magbabago ng mga karapatang makabuluhan. Ang mga alituntunin ng pamamaraan ng mga tanging hukuman at mga kalupunan na mala-panghukuman ay dapat manatiling maybisa hangga't hindi pinawawalang-saysay ng Kataastaasang Hukuman.[30]

---

[30] Sec. 5(5), Art. VIII, Constitution.

Ang *A.M. No. 18-03-16-SC* ay naglalaman ng mga tuntunin na itinatag alinsunod sa kapangyarihan ng Korte Suprema na mag talaga ng mga panuntunan na nagsisilbing balangkas at gabay sa mga hukuman para sa *Plea Bargaining* sa mga kasong may paglabag sa *Comprehensive Dangerous Drugs Act* ng 2002 (R.A. No. 9165).[31] Kaya naman, kung ang iminungkahing *Plea Bargain* ay hindi umaayon sa mga patakarang itinatag ng Korte Suprema, tulad ng mga tuntuning nilalaman ng *A.M. No. 18-03-16-SC,* angkop lamang na hindi ito payagan ng hukuman.

### 19. *Q: Bakit kailangan natin ang Plea Bargaining Framework?*

**A:** Ipinaliwanag ng Korte Suprema na ang *Plea Bargaining* ay isang mahalagang bahagi ng *restorative justice*.[32] Higit na mas mabuti sa estado at sa akusado ang isang napagkasunduang mabilis na resolusyon ng isang kaso kaysa sa mahaba at matagal na paglilitis. Ayon sa Korte Suprema, sa pamamagitan ng pagpapaikli ng resolusyon ng isang kaso, mas makakatulong ito sa rehabilitasyon at pagbabago ng isang nagkasala kung papayagan ang *Plea Bargain* sa isang mas mababang krimen.[33]

### 20. *Q: Ano ang layunin ng pag payag sa Plea Bargaining sa kaso ng mga droga?*

**A:** Ang layunin ay hindi parusahan, ngunit bigyan ng rehabilitasyon ang mga may *drug offenses*.[34]

Ayon sa *People v. Borras*,[35] ang banta ng droga laban sa dignidad ng tao at sa integridad ng lipunan ay walang humpay at lubos na nakasasama. Ang ganitong kasamang epekto ay nararamdaman hindi lamang ng mga adik mismo kundi pati na rin ng kanilang mga pamilya. Dahil dito, nanganganib ang kaligtasan ng lipunan dahil ang pangunahing yunit nito, ang pamilya, ang pinakabiktima ng banta ng droga. Kaya ang rehabilitasyon ay kinakailangan upang maipagpatuloy ang reintegrasyon ng mga adik sa ating lipunan.

---

[31] Estipona v. Lobrigo, G.R. No. 226679, August 15, 2017.
[32] Nurullaje Sayre vs. Judge Xenos, G.R. Nos. 24413 & 244415-16, February 18, 2020.
[33] Nurullaje Sayre vs. Judge Xenos, G.R. Nos. 24413 & 244415-16, February 18, 2020.
[34] Nurullaje Sayre vs. Judge Xenos, G.R. Nos. 24413 & 244415-16, February 18, 2020.
[35] People v. Borras, G.R. No. 250295, March 15, 2021.

Kaya naman, ang isang simple at malinaw na *Plea Bargaining framework*, na pinag-isipang mabuti ng mga karampatang indibidwal sa batas, ay makakatulong nang malaki sa paggabay sa hukuman at *bar* kapag ang mga ito ay nahaharap sa *Plea Bargaining* sa mga kasong may kaugnay sa droga. Dahil dito, napagdesisyunan ng Korte Suprema na kinakailangang gamitin ang *Plea Bargaining Framework* sa mga kaso ng droga. Itong *framework* na ito ay makikita sa susunod na talahanayan:[36]

| ***Offense Charged*** | | | ***Plea Bargain* na pinapayagan** | | **Komento** |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Section*** | **Parusa** | **Dami** | ***Section*** | **Parusa** | |
| *Section 11(3).* Pagdadala ng Ipinagbabawal na Droga (Pag ang dami ng *shabu, opium, morphine, heroin, cocaine* ay mas mababa sa 5 gramo) | Pagkakakul-ong ng 12 na taon at isang araw hanggang 20 na taon at multa mula P300,000 hanggang P400,000 | .01 gramo hanggang 4.99 gramo | *Section 12.* Pagdadala ng *Equipment, Instrument, Apparatus*, at iba pang *Paraphernalia* para sa Ipinagbabawal na Droga | Pagkakakulo-ng ng 6 na buwan at isang araw hanggang 4 na taon at multa mula P10,000 hanggang P50,000<br><br>N.B.:<br>Ang korte ay may diskresyon na magpataw ng *minimum period* at *maximum period*, batay sa parusang ibinigay ng batas. Isang deretsong parusa mula 6 na buwan at isang araw hanggang isang taon ay | Sa lahat ng pagkakataon, kahit ang *maximum period* ng parusa ay naipataw na, kinakailangan pa rin ang *drug dependency test.*<br><br>Kung ang akusado ay hindi umamin sa pag gamit ng ipinagbabawal na droga, pero siya ay nag *positive* sa *drug dependency test*, kakailanganin niyang dumaan sa *treatment* at *rehabilitation* na hindi bababa sa 6 na buwan, na kukunin mula sa parusang |

[36] OCA Circ. No. 90-2018, Plea Bargaining Framework in Drugs Cases, May 4, 2018, https://oca.judiciary.gov.ph/wp-content/uploads/2018/05/OCA-Circular-No.-90-2018.pdf

| ***Offense Charged*** | | | ***Plea Bargain* na pinapayagan** | | **Komento** |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Section*** | **Parusa** | **Dami** | ***Section*** | **Parusa** | |
| | | | | maaari rin ipataw. | ipinataw sa kanya at sa *period* ng kanyang *after-care* at *follow-up program* kung ang parusa ay hindi pa na ipataw. Kung ang akusado ay mag negatibo sa <u>drug use/dependency</u>, siya ay papakawalan kung naipataw na ang parusa. Kung hindi pa naipataw ang parusa, babawasan ang ipinataw na parusa ng *counseling period* sa *rehabilitation center*. Pero, kung ang akusado ay mag *apply* para sa *probation* para sa mga *offenses* sa ilalim ng R.A. No. 9165, maliban sa *illegal drug trafficking or pushing* sa ilalim ng *Section 5,* kaugnay sa *Section 24* ng batas, ang batas sa probation ang |
| *Section 11(3).* Pagdadala ng Ipinagbabawal na Droga (Pag ang dami ng marijuana ay mas mababa sa 300 gramo) | Pagkakakul-ong ng 12 na taon at isang araw hanggang 20 na taon at multa mula P300,000 hanggang P400,000 | .01 gramo hanggang 299.99 gramo | *Section 12.* Pagdadala ng *Equipment, Instrument, Apparatus*, at iba pang *Paraphernalia* para sa Ipinagbabawal na Droga | Pagkakakulo-ng ng 6 na buwan at isang araw hanggang 4 na taon at multa mula P10,000 hanggang P50,000<br><br>N.B.:<br>Ang korte ay may diskresyon na magpataw ng *minimum period* at *maximum period*, batay sa parusang ibinigay ng batas. Isang deretsong parusa mula 6 na buwan at isang araw hanggang isang taon ay maaari rin ipataw. | |

| *Offense Charged* | | | ***Plea Bargain*** **na pinapayagan** | | **Komento** |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Section*** | **Parusa** | **Dami** | ***Section*** | **Parusa** | |
| | | | | | dapat mag apply. |
| *Section 11(2).* Pagdadala ng Ipinagbabawal na Droga (Pag ang dami ng *shabu, opium, morphine, heroin, cocaine* ay hindi bababa sa 5 gramo, pero hindi tataas sa 10 gramo.) | Pagkakakul-ong ng 20 na taon hanggang habangbuh-ay, at multa mula P400,000 hanggang P500,000. | 5 gramo hanggang 9.99 gramo | *Section 11(3).* Pagdadala ng Ipinagbabawal na Droga | Pagkakakulo ng ng 12 na taon at isang araw hanggang 20 na taon, at multa mula P300,000 hanggang P400,000.<br><br>N.B.: Ang korte ay may diskresyon na magpataw ng *minimum period* at *maximum period*, batay sa parusang ibinigay ng batas. | |
| | | Hindi bababa sa 10 gramo | Ang *Plea Bargaining* ay hindi pinapayagan. | | |
| *Section 11(2).* Pagdadala ng Ipinagbabawal na Droga (Pag ang dami ng marijuana ay hindi bababa sa 300 gramo, pero hindi tataas sa 500 gramo.) | Pagkakakul-ong ng 20 na taon hanggang habangbu-hay, at multa mula P400,000 hanggang P500,000. | 300 gramo hanggang 499 gramo | *Section 11(3).* Pagdadala ng Ipinagbabawal na Droga | Pagkakakulo ng ng 12 na taon at isang araw hanggang 20 na taon, at multa mula P300,000 hanggang P400,000. | |

| ***Offense Charged*** | | | ***Plea Bargain* na pinapayagan** | | **Komento** |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Section*** | **Parusa** | **Dami** | ***Section*** | **Parusa** | |
| | | | | N.B.: Ang korte ay may diskresyon na magpataw ng *minimum period* at *maximum period*, batay sa parusang ibinigay ng batas. | |
| | | Hindi bababa sa 10 gramo | Ang *Plea Bargaining* ay hindi pinapayagan. | | |
| *Section 12*. Pagdadala ng *Equipment, Apparatus* at ibang pang *Paraphernalia* para sa ipinagbabawal na droga | Pagkakakul-ong ng 6 na buwan at isang araw hanggang 4 na taon, at multa mula P10,000 hanggang P50,000. | | *Section 15*. Paggamit ng ipinagbabawal na droga | 6 na buwan ng *treatment* at *rehabilitation* | Kung ang akusado ay umamin sa paggamit ng ipinagbabawal na droga, o itinanggi ang paggamit ng ipinagbabawal na droga pero siya ay nag positibo sa *drug dependency test.* |
| | | | | Ang akusado ay dadaan sa *counselling program* sa *rehabilitation center* | Kung ang akusado ay nag negatibo sa *drug use/dependency* |
| *Section 14*. Pagdadala ng *Equipment,* | Pinakamata-as na parusa sa | | *Section 15*. Paggamit ng | 6 na buwan ng *treatment* | Kung ang akusado ay umamin sa |

| ***Offense Charged*** | | | ***Plea Bargain* na pinapayagan** | | **Komento** |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Section*** | **Parusa** | **Dami** | ***Section*** | **Parusa** | |
| *Apparatus*, at iba pang *Paraphernalia* para sa ipinagbabawal na droga sa mga *party*, at mga pagtitipon at pagpupulong. | ilalim ng *Section 12.* | | ipinagbabawal na droga | at *rehabilitation* | paggamit ng ipinagbabawal na droga, o itinanggi ang paggamit ng ipinagbabawal na droga pero siya ay nag positibo sa *drug dependency test.* |
| | | | | Ang akusado ay dadaan sa *counselling program* sa *rehabilitation center* | Kung ang akusado ay nag negatibo sa *drug use/dependency* |
| *Section 5.* Pagbebenta, pangangalakal atbp. ng ipinagbabawal na droga (*Methamphetamine hydrochloride* o shabu lang) | Pagkakakul-ong habangbuhay hanggang parusang kamatayan, at multa mula P500,000 hanggang P10,000,000. | .01 gramo hanggang .99 gramo (*methamphetamine hydrochloride* o shabu lang) | *Section 12.* Pagdadala ng *Equipment, Instrument, Apparatus*, at iba pang *Paraphernalia* para sa Ipinagbabawal na Droga | Pagkakakul-ong ng 6 na buwan at isang araw hanggang 4 na taon at multa mula P10,000 hanggang P50,000<br><br>N.B.:<br>Ang korte ay may diskresyon na magpataw ng *minimum period* at *maximum period,* batay sa parusang ibinigay ng batas. Isang | Sa lahat ng pagkakataon, kahit ang *maximum period* ng parusa ay naipataw na, kinakailangan pa rin ang *drug dependency test.*<br><br>Kung ang akusado ay hindi umamin sa paggamit ng ipinagbabawal na droga, pero siya ay nag *positive* sa *drug dependency test,* kakailanganin niyang dumaan |

| *Offense Charged* | | | ***Plea Bargain* na pinapayagan** | | **Komento** |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Section*** | **Parusa** | **Dami** | ***Section*** | **Parusa** | |
| | | | | deretsong parusa mula 6 na buwan at isang araw hanggang isang taon ay maaari rin ipataw. | sa *treatment* at *rehabilitation* na hindi bababa sa 6 na buwan, na kukunin mula sa parusang ipinataw sa kanya at sa period ng kanyang *after-care* at *follow-up program* kung ang parusa ay hindi pa na ipataw. Kung ang akusado ay mag negatibo sa drug *use/dependency*, siya ay papakawalan kung naipataw na ang parusa. Kung hindi pa naipataw ang parusa, babawasan ang ipinataw na parusa ng *counseling period* sa *rehabilitation center*. Pero, kung ang akusado ay mag apply para sa *probation* para sa mga *offenses* sa ilalim ng R.A. No. 9165, maliban sa *illegal drug trafficking* or |

| *Offense Charged* | | | ***Plea Bargain* na pinapayagan** | | **Komento** |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Section*** | **Parusa** | **Dami** | ***Section*** | **Parusa** | |
| | | | | | *pushing* sa ilalim ng *Section 5,* kaugnay sa *Section 24* ng batas, ang batas sa *probation* ang dapat mag apply. |
| | | Hindi bababa sa 1.00 gramo (*methamphetamine hydrochloride* or shabu only) | Ang *Plea Bargaining* ay hindi pinapayagan. | | |
| *Section 5*. Pagbebenta, pangangalakal atbp. ng ipinagbabawal na droga (Marijuana lang) | Habambu-hay hanggang parusang kamatayan, at multa mula P500,000 hanggang P10,000,000 | .01 gramo hanggang 9.99 gramo (Marijuana lang) | *Section 12.* Pagdadala ng *Equipment, Instrument, Apparatus*, at iba pang *Paraphernalia* para sa Ipinagbabawal na Droga | Pagkakakulong ng 6 na buwan at isang araw hanggang 4 na taon at multa mula P10,000 hanggang P50,000<br><br>N.B.:<br>Ang korte ay may diskresyon na magpataw ng *minimum period* at *maximum period*, batay sa parusang ibinigay ng batas. Isang | Sa lahat ng pagkakataon, kahit ang *maximum period* ng parusa ay naipataw na, kinakailangan pa rin ang *drug dependency test.*<br><br>Kung ang akusado ay hindi umamin sa paggamit ng ipinagbabawal na droga, pero siya ay nag *positive* sa *drug dependency test,* kakailanganin niyang dumaan |

| *Offense Charged* | | | ***Plea Bargain*** **na pinapayagan** | | **Komento** |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Section*** | **Parusa** | **Dami** | ***Section*** | **Parusa** | |
| | | | | deretsong parusa mula 6 na buwan at isang araw hanggang isang taon ay maaari rin ipataw. | sa *treatment* at *rehabilitation* na hindi bababa sa 6 na buwan, na kukunin mula sa parusang ipinataw sa kanya at sa *period* ng kanyang *after-care* at *follow-up program* kung ang parusa ay hindi pa na ipataw. Kung ang akusado ay mag negatibo sa drug *use/dependency*, siya ay papakawalan kung naipataw na ang parusa. Kung hindi pa naipataw ang parusa, babawasan ang ipinataw na parusa ng *counseling period* sa *rehabilitation center*. Pero, kung ang akusado ay mag apply para sa probation para sa mga *offenses* sa ilalim ng R.A. No. 9165, maliban sa *illegal drug trafficking* or |

| *Offense Charged* | | | ***Plea Bargain* na pinapayagan** | | **Komento** |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Section*** | **Parusa** | **Dami** | ***Section*** | **Parusa** | |
| | | | | | pushing sa ilalim ng *Section 5,* kaugnay sa *Section 24* ng batas, ang batas sa *probation* ang dapat mag apply. |
| | | Hindi bababa sa 10.00 gramo (Marijuana lang) | Ang *Plea Bargaining* ay hindi pinapayagan. | | |

**21. *Q: Maari bang mag-sumite ng aplikasyon para sa probation ang isang taong kinasuhan sa ilalim ng Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 (R.A. No. 9165)?***

**A:** Sa ilalim ng A.M. Blg. 18-03-16-SC *or Adoption of the Plea Bargaining Framework in Drugs Cases*, nilinaw ng Korte Suprema na ang mga taong kinasuhan sa ilalim ng *Comprehensive Dangerous Drugs Act* ng 2002 (R.A. No. 9165) ay maaaring magsumite ng aplikasyon para sa probation. Dahil dito, ang mga patakaran sa probation sa ilalim ng *Probation Law* ng 1976 (P.D Blg. 968) ang gagamitin sa mga ganoong sitwasyon. Sa ilalim din ng *framework* na nabanggit, ang mga taong kinasuhan sa ilalim ng *Section 5* ng R.A. 9165 ay di maaaring magsumite ng aplikasyon para sa probation dahil saklaw ng probisyong ito ang krimen ng *drug trafficking* at *drug pushing*. Maliban rito, binanggit din ng *framework* na kung ang kaukulang parusa ay habambuhay na pagkakabilanggo hanggang kamatayan, ang akusado ay di maaaring magsumite ng aplikasyon para sa *probation*.[37]

[37] A.M. No. 18-03-16-SC, Adoption of the Plea Bargaining Framework in Drugs Cases.

### 22. *Q: Ano ang naaangkop na proseso para sa mga youth drug offenders?*

**A:** Ang *Board Regulation No. 6, Series 2019 ng Dangerous Drugs Board* ay nag bibigay ng alternatibong parusa sa mga *youth drug offenders* o ang mga *children in conflict with the law*. Ito ay sa pamamagitan ng *treatment and care programs,* na maihahalintulad sa *Plea Bargaining* dahil ang mga kabataan ay binibigyan ng pagkakataon na sumailalim sa *rehabilitation program* sa halip na hatulan ng parusang pagkakakulong.

Ang bata ay dapat munang sumailalim sa ASSIST (*Alcohol, Smoking, and Substance Involvement Screening Test*) at sa *drug dependency examination* bago siya payagang sumailalim sa *treatment and care program*, alinsunod sa mga alituntunin ng *Section 9 ng Board Regulation*.

Nililinaw din ng *Board Regulation* na ang mga *children in conflict with the law* ay maaaring sumailalim sa *treatment and care program* bago o kasabay ng interbensyon o diversion program sa ilalim ng *Juvenile Justice Act* (R.A. No. 9344). Ito ay nakabatay sa pagpapasiya ng LSWDO o *social welfare and development officer.*

Ang *treatment and care programs* sa ilalim ng *Board Regulation* ay maaari lamang simulan kapag sumang-ayon ang mga magulang o guardian ng bata o kapag inutos ng korte. Kinakailangan din nilang sumang-ayon na isumite ang bata sa random drug test habang siya ay nasa ilalim ng *treatment and care program.*[38]

## BUOD NG MGA GABAY SA PLEA BARGAINING SA MGA KASO SA DROGA

Bilang paglilinaw sa mga alintuntunin sa *Plea Bargaining* sa mga kaso ng droga, naglabas ang Korte Suprema ng mga naaangkop na patakaran na makikita sa website ng Korte Suprema (https://sc.judiciary.gov.ph/28879/):[39]

[38] Board Regulation No. 6, Series 2019 of the Dangerous Drugs Board.
[39] Supreme Court of the Philippines, SC Provides Clarificatory Guidelines on Plea-Bargaining in Drugs Cases, July 28, 2022, https://sc.judiciary.gov.ph/28879/

1. Ang pag-aalok para sa *Plea Bargaining* ay dapat simulan sa pamamagitan ng pagsulat ng pormal na *motion* na inihain ng akusado sa korte.

2. Ang mas mababang *offense* kung saan ang akusado ay nagmumungkahi na umamin ng pagkakasala ay kinakailangang kasama sa sipampang *offense*.

3. Pagka-tanggap ng panukala para sa Plea Bargaining na sumusunod sa mga probisyon ng *Plea Bargaining Framework* ng Korte sa Mga Kaso sa Droga, iuutos ng hukom na magsagawa ng drug dependency assessment. Kung ang akusado ay umamin sa paggamit ng droga, o tumanggi ngunit napag-alamang positibo pagkatapos ng isang drug dependency test, siya ay sasailalim sa paggamot at rehabilitasyon sa loob ng hindi bababa sa anim (6) na buwan. Ang nasabing panahon ay dapat mai-kredito sa kanyang parusa at sa panahon ng kanyang after-care at follow-up na programa kung ang parusa ay hindi pa rin naibigay. Kung ang akusado ay mapapatunayang negatibo sa paggamit ng droga/dependency, siya ay pakakawalan sa takdang oras ng pagsilbi, kung hindi, siya ay magsisilbi sa kanyang sentensiya sa kulungan, pero ang panahon ng pagpapayo sa rehabilitation center ay ibabawas.

4. Bilang patakaran, ang *Plea Bargaining* ay nangangailangan ng kapwang kasunduan ng mga partido at nakadepende sa pag-apruba ng korte. Anumang magkaparehong kasunduan ng mga partido, ang pagtanggap sa alok na umamin ng pagkakasala sa isang mas mababang pagkakasala ay hindi pwedeng demandahin ng akusado bilang karapatan, ngunit ito ay isang bagay na nakadepende sa pagpapasya ng hukuman.

   Kahit na magkasundo ang prosekusyon at ang depensa na pumasok sa isang *Plea Bargain*, hindi nito ibig sabihin na awyomatikong aaprubahan ng mga korte ito.

5. Hindi papayagan ng korte ang *Plea Bargaining* kung ang pagtutol sa *Plea Bargaining* ay wasto at sinusuportahan ng ebidensya at pinapakita na:

a) ang nagkasala ay isang *recidivist*, *habitual offender*, kilala sa komunidad bilang isang adik sa droga at mahilig manggulo, sumailalim sa rehabilitasyon ngunit nagkaroon ng relapse, o maraming beses nang sinampahan ng *offense;* o
b) kapag malakas ang ebidensya ng pagkakasala.

6. Ang *Plea Bargaining* sa mga kaso ng droga ay hindi papayagan kapag ang iminungkahing Plea Bargain ay hindi umaayon sa *Plea Bargaining Framework in Drugs Cases* na inisyu ng Korte.

7. Maaaring i-*overrule* ng mga hukom ang pagtutol ng prosekusyon kung ito ay nakabatay lamang sa batayan na ang panukala ng *Plea Bargaining* ng akusado ay hindi naaayon sa katanggap-tanggap na *Plea Bargain* sa ilalim ng anumang panloob na tuntunin o alituntunin ng DOJ, bagama't alinsunod sa *Plea Bargaining framework* na inilabas ng Korte, kung mayroon man.

8. Kung tututol ang prosekusyon sa panukala ng *Plea Bargaining* ng akusado dahil sa mga bagay na nakasaad sa item no. 5, ang trial court ay inaatasan na dinggin ang pagtutol ng prosekusyon at magpasya sa mga merito nito. Kung nakita ng trial court na tama lang ang pagtutol, dapat nitong ipagpatuloy ang paglilitis sa krimen.

9. Kung ang akusado ay nag-aplay para sa probation sa mga pagkakasala na mapaparusahan sa ilalim ng *Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002* (R.A. No. 9165), maliban sa illegal drug trafficking o pagtutulak sa ilalim ng *Section 5,* kaugnay ng *Section 24* nito, ang batas sa probation ay mag-aaplay.